Pangalan:______________________ **Baitang at Pangkat** ____________Date_______

**Written Work No. 1 FILIPINO 5**

A. **Panuto**: Gamitin sa pangungusap ang bawat pangngalan na tumutukoy sa ngalan ng tao, hayop, bagay, pook, at pangyayari

| **Tao** | **Bagay** | **Lugar** | **Hayop** | **Pangyayari** |
|---|---|---|---|---|
| pamilya | laptop | Lalawigan ng Rizal | pusa | kaarawan |

1.______________________________________________________________________________
2.______________________________________________________________________________
3.______________________________________________________________________________
4.______________________________________________________________________________
5.______________________________________________________________________________

B. **Panuto:** Basahin ang maikling kuwento. Kulayan ng pula ang mga panghalip na makikita ninyo sa bawat talata.

**Magagandang Tanawin sa Lalawigan ng Rizal**

**Alam ba ninyo dito sa Lalawigan ng Rizal ay marami ring magagandang tanawin o pasyalan. Simulan natin sa siyudad ng Antipolo kung saan makikita ninyo ang magandang Kapitolyo ng Lalawigan. Gusto ba ninyong marating ang Antipolo Cathedral? Narito din ang Hinulugang Taktak at ang Pinto Art Museum na pinapasyalan ng marami.**

**Bumaba naman tayo sa Bayan ng Teresa na kilala sa bayang mayaman sa marmol. Isa ang bayan ng Teresa na kilala sa malaking produksiyon ng marmol.**

**Ang bayan ng Morong ay kilala sa magandang simbahan nito na pinapasyalan tuwing sasapit ang mahal na araw , ito rin ay may magandang museyong pambayan na makikita sa dating kinatatayuan ng sinaunang kapitolyo ng lalawigan at ito rin ay naging sentro ng edukasyon dahil sa mga paaralan dito.**

**Dumako tayo sa maliit na bayan ng Baras kung saan makikita ang Palo Alto Falls at ang bagong kinagigiliwan ng marami na puntahan ay ang magandang tanawin ng Masungi Georeserve.**

**Sumunod ay ang Bayan ng Tanay, dito makikita ng marami ang Daranak Falls, Batlag Falls, Bundok ng Sierra Madre, Tinipak River, simbahang Katoliko ng San Ildefonso at marami pang iba. Sino sa inyo ang nais makarating dito?**

**Susunod naman dito ay ang bayan ng Pililla. Dito naman ay nais makita ng marami ang Pililla Wind Mill Farm, at Bahay na Bato. Sa kalapit na bayan naman nito ay ang bayan ng Jalajala na kilala sa Sunflower Farm.**

**Lumipat tayo sa kabilang dako kung saan makikita ang Bayan ng Cardona at Binangonan kung saan makikita ang lawa ng Laguna na pinagkukunan ng marami ng isda na ating makakain .Susunod naman dito ay ang bayan ng Angono kung saan sila ay kilala sa Angono's Giant at ilan sa magagaling na pintor at artist. Dumako tayo sa bayan ng Taytay kung saan makikita ang sentro ng industriya ng mga mananahi ng damit at industriya ng kahoy . Susunod ay ang bayan ng Cainta na kilala ng marami sa bayan ng maglalatik kilala ng marami sa masasarap na matatamis na kakanin.** Dumako tayo sa Bayan ng Rodriguez. Ito rin ang pinakamalaking bayan sa lalawigan ng Rizal. Sinasabing naganap ang alamat ni ***Bernardo Carpio*** sa bulubundukin ng Montalban na dating ngalan nito. Naglalahad ang alamat ng kuwento hinggil sa isang higanteng hindi makaalis mula sa pagitan ng dalawang bundok. **Atin nang puntahan ang bayan ng San Mateo na kilala ang Mahal na Patron ng Birhen ng Aranzazu na inihalili kay San Mateo bilang kanilang mahal na Patron.**

**Oh! 'di ba at maraming kayong magagandang lugar na puwede ninyong pasyalan o puntahan dito sa aming lalawigan ng Rizal?**

LIVEWORKSHEETS